# Irehistro ang iyong mga armas

Mayroon na ngayong Rehistro ng mga Armas (Firearms Registry) sa New Zealand.

Nilikha ang Registry noong ika- 24 ng Hunyo, 2023.

Ito ay isa sa mga paraan upang patatagin ng New Zealand ang pamamahala ng mga armas sa ating mga komunidad. Ito ay kasunod ng mahahalagang pagbabago sa ating mga batas sa armas na ginawa makaraan ang mga pag-atake ng terorista sa mga mosque sa Christchurch noong 2019.

Kung ikaw ay may hawak na lisensya sa armas, kailangan mong magbigay ng impormasyon sa Registry tungkol sa lahat ng mga armas na mayroon ka.

Ang mga armas na dapat mong irehistro ay ang:

- mga armas na hindi ipinagbabawal, kabilang ang Specially Dangerous Airguns (PCPs)
- mga armas at magazine (sisidlan ng mga bala) na ipinagbabawal
- mga pistola
- mga armas na may paghihigpit
- mahahalagang bahagi
- mga pistol carbine conversion kit.

Hindi ka sisingilin ng bayad para magrehistro ng iyong mga armas o mga bagay para sa armas.

Kailangan mong ibigay ang impormasyong ito bago dumating ang ika-31 ng Agosto 2028.

Sa ilang mga sirkumstansya, dapat kang magbigay ng impormasyon sa Registry nang mas maaga, halimbawa, kung ikaw ay bumili o nagbenta ng armas. Ang mga aktibidad na ito ay tinatawag na "mga sirkumstansyang nagpapasimula" (activating circumstances). May ilang mga sirkumstansyang nagpapasimula.

Upang alamin ang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa bagong Firearms Registry, bisitahin ang www.firearmssafetyauthority.govt.nz